

## **Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-9 ng Abril 2020**

**Ang susunod na Pang-araw-araw na Update ay sa Lunes, ika-13 ng Abril**

### **UPDATE MULA SA KEMH**

Ang mga resulta mula sa mga sumunod na set ng test swabs na nakuha sa Falkland Islands ay malalaman sa susunod na linggo.

Ang mga samples ay ipapadala sa susunod na Northbound Airbridge, na naka-schedule na umalis ngayong Linggo at ililipat sa isang laboratory para suriin.

Nananatiling nasa lima (5) ang kumpirmadong kaso ng COVID-19, at lahat ng mga indibidwal na ito ay naglilingkod sa Mount Pleasant Complex.

Isa sa mga indibidwal na ito ay kasalukyang tumatanggap ng pangangalaga sa KEHM habang ang isa ay nakalabas na sa ospital nitong linggo lamang.

Ang tatlong nalalabing mga indibidwal ay nananatiling nasa isolation sa Base bilang bahagi ng patuloy na pagsasaayos ng MPC para sa pagharap sa mga posibleng kaso.

Sa kabuuan, 137 na sample na ang nasuri sa UK. 131 ay lumabas na negatibo na pagsusuri. Ang nalalabing anim (6) na swabs ay galing sa limang (5) na indibidwal na ngayon ay lumabas na positibo sa COVID-19.

### **PAGLALAKBAY SA MPC ROAD AT PAGDATING NG FIRS**

Ang BFSAI at RFIP ay magkasamang nagtatrabaho sa mga nakaraang bente kwatro (24) oras para alamin ang mga pagbabiyahe sa pagitan ng MPC at Stanley.

Ang pag-mo-monitor ay magpapatuloy sa mga susunod na araw at mga linggo.

Pakiusap na bumiyahe lamang sa pagitan ng dalawang lokasyon kung talagang kinakailangan; hinihiling namin sa publiko ang kanilang suporta ukol dito.

Kasalukuyang sinasaliksik ng FIG ang pagpapakilala ng isang proseso na ang mga mahahalagang manlalakbay ay partikular na awtorisado, susuportahan nito ang mga pagsisikap na nauna nang iniligay ng BFSAI. Ang mga karagdagang mga detalye ay ilalabas sa angkop na panahon.

Ang Airbridge ay naka-schedule na dumating sa Biyernes, ika-10 ng Abril – lahat ng dadating na pasahero ay isasailalim sa quarantine bilang pagsunod sa umiiral na kaayusan sa BFSAI.

Samantala ang FIRS naman ay naka-schedule na dumating sa Linggo, ika-12 ng Abril.

Ang BFSAI at RFIP ay magkasamang napagkasunduan na walang sasakyang hindi papayagang masiyasat ng Biosecurity Team sa loob ng pinakamababa na pitumpu't dalawang (72) na oras pagkatapos nilang ma-offload alinsunod sa mga gabay; ito ay upang mabigyan ng proteksyon ang lahat ng nababahala.

Tulad ng una nang ibinalita, ang BFSAI may inilagay na mga mahigpit na hakbang para bawasan ang mga paggalaw mula MPC hanggang Stanley; ito ay para limitahan ang mga paglalakbay na para sa importanteng biyahe lamang.

Ibig sabihin nito ay walang mga sasakyan ang kokolektahin hanggat lahat ng naaangkop na inspeksyon ay naisagawa at ang sasakyan ay opisyal nang pinakawalan.

Pinasasalamatan ng Biosecurity Team ang inyong pag-unawa at pagpapasensya. Napag-aralan din ng FIG Veterinary Service ang mga pagsasaayos nang sa gayon ang lahat ng paggalaw ng mga hayop ay mapamahalaan sa ligtas hangga't maaari, na magdudulot ng angkop na proteksiyon sa mga staff.

### **Mga susunod na HAKBANG**

Sa puntong ito at pagkatapos na pag-isipan ng mabuti, nararamdaman namin na ang lahat ng paghihigpit ay dapat manatili sa ngayon hanggang makakuha tayo ng karagdagang impormasyon sa mga resulta na inaasahang dumating sa susunod na linggo. Magbibigay ito sa atin ng sapat na panahon para makita kung paano madedebelop ang mga pangyayari sa MPC, at kung may uusbong pa na kaso sa Stanley. Sinisiguro namin na ipagpapatuloy ang pananatili ng mga pagsusuri kung ang mga paghihigpit ay kailangang manatili.

### **ANG IYONG KAPAKANAN**

Naiintindihan namin na ikaw ay nag-aalala tungkol sa iyong kaligtasan at ng iyong mga mahal sa buhay ngayong panahon ng COVID-19 pandemic. Natural lamang na gusto nating malaman kung ano talaga ang nangyayari, ngunit maaaring tayo ay makaramdam ng kawalan ng kaligtasan at pagkabalisa dahil sa kasalukuyang antas ng kawalan ng katiyakan at kawalan ng control.

Narito ang mga tips para mabawasan ito:

- Iwasan ang sobrang exposure sa mga balita at social media – maghanap ng information updates sa takdang oras sa bawat araw, isa o dalawang beses sa isang araw, mula sa mapagkakatiwalaang sources.
- Limitahan ang oras na ginugugol upang pag-usapan ang tungkol sa virus, at hilingin sa mga tao na irespeto ang iyong desisyon na huwag itong pag-usapan.
- Tiyakin sa mga bata na ang lahat ay magiging maayos rin. Hayaan silang makapagpahayag ng kanilang mga pag-aalala, ngunti limitahan ang kanilang exposure sa balita, social media, at usapang pang-matanda.
- Kontrolin ang mga bagay na kaya mong kontrolin – maghugas ng iyong kamay, iwasang hawakan ang iyong mukha, at sundin ang mga patnubay sa social distancing. Mag usisa sa mga kaibigan at kapitbahay (lalung lalo na ang mga higit na nanganganib o vulnerable na tao) at mag-alok ng tulong kung kakayanin.
- Alagaan ang iyong sarili! Gawin ang mga bagay na makakapag-relax sa yo at makakapagbigay kaligtasan.
- Panatilihin ang pakikipag-ugnayan sa mga kaibigan at kapamilya sa pamamagitan ng telepono at social media.

Makakakuha rin ng lokal na suporta sa pamamagitan ng pitong-araw na serbisyo mula sa Emotional Wellbeing Team sa KEMH sa numerong 28082.